# Gob. Egay, Mam Josie Tallado, atbp. lumahok sa tree planting

Bilang bahagi ng mga gawain kaugnay sa pagdiriwang ng ika-111 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas dito sa Camarines Norte na may temang: *"Championing R.A.C.E.: Public Service Excellence at Full Speed"*, isinagawa ang sabay-sabay na pagtatanim ng mga punongkahoy sa *Resettlement Area*, Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz, Camarines Norte noong Setyembre 27, 2011

Nilahukan ito ng mga kawani mula sa iba't-ibang opisina ng pamahalaang panlalawigan, pamahalaang nas-

*(Sundan sa pahina 3)*







***Nakiisa si Gng. Josie B. Tallado maybahay ni Gob. Tallado at iba pang mga kawani ng pamahalaang panlalawigan at iba pang ahensiya ng pamahalaan sa Tree Planting na isinagawa sa Matacong, San Lorenzo Ruiz kaugnay pa rin ng 111th Civil Service Month celebration dito. (Ibaba) Nagbibigay naman ng panayam si Gob. Tallado sa UNTV na dumalo rin at nakiisa sa naturang aktibidad.***




Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 2, BLG. 5 DAET, CAMARINES NORTE SETYEMBRE, 2011

"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"

Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com




**Gob. Edgardo A. Tallado**


**nasa loob**

EDITORYAL 4


# Kwalipikadong CNPGCEAP grantees tumanggap ng tseke mula kay Gob. Tallado;

## ilang iskolar nagbahagi ng karanasan ng pagsisikap at kwento ng tagumpay

Ipinagkaloob sa mga kwalipikadong iskolar ng *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP)*, dating *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)*, ang mga tsekeng katumbas ng halaga ng kanilang binayarang *tuition fee* kasama na ang *allowance* na may kabuuang halaga na hindi lalagpas sa *P5,000.00*. Ito ay nakapaloob sa programang idinaos sa *Little Theater, Camarines Norte Agro-Sports* Center noong Setyembre 21, 2011 sa ganap na ika-1 n.h.

Ang pinakatampok na bahagi ng okasyon ay ang pagbibigay ng mensahe ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado. Pinangunahan din ng gobernador ang pagbibigay ng tseke sa mga iskolar ng pamahalaang panlalawigan kasama ang mga Bokal ng Sangguniang Panlalawigan (SP) na sina *SP Committee Chair on Tourism* Ligaya 'Gaying' Lo-Pedron; *SP Committee Chair on Education* Ricky Manarang; *SP Committee Vice Chair on Education* Teresita DL. Malubay, at gayundin si *Executive Assistant IV* Jose G. Boma.

Ilan sa mga datihang iskolar ang nagbahagi ng kanilang naranasang hirap para makapagtapos ng kolehiyo sa kabila ng krisis na pampinansyal. Anila'y kumuha sila ng *part-time job* at nagtipid sa

*(Sundan sa pahina 3)*





***Nagbibigay ng mensahe si Gob. Egay Tallado sa mga CNPGCEAP grantees sa programang isinagawa bago ipamahagi ang kanilang mga tseke. Nakatuwang ng gobernador sina SP Members Ligaya Lo-Pedron at Teresita Malubay sa pamamahagi ng tseke sa mga grantees ng***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com






# SDC Track 1 isinagawa; managerial and supervisory knowledge and skills ng first line supervisors pinaunlad

Isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan ang 4-araw na *Supervisory Development Course (Track I)* simula Setyembre 13 hanggang Set. 16, 2011 sa *Audio-Visual Room, 3rd Floor Annex, Provincial Capitol*. Naisakatuparan ito sa pakikipag-ugnayan ni *Provincial Human Resource Management Officer* Magdalena B. Toledana sa *Civil Service Commission (CSC) Regional Office 5*.

Una rito ipinalabas ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang Kautusan Blg. 110831-01 na nag-aatas sa may 30 piling kawani ng pamahalaang panlalawigan na may SG 18-pataas na dumalo sa naturang pagsasanay.

Sa unang araw ng *SDC Track I*, tinalakay ang paksang *Personal Effectiveness (accepting yourself for what you are) ó* ang pagtanggap sa ating sarili kung ano tayo. Binigyang-diin dito na ang 3 pangunahing aksyon para makamit ang *personal effectiveness* ay ang: 1) *responsibility*; 2) *authority*, at 3) *choice*. Ang isang epektibong hepe ay tinuturuan, ginagabayan at sinasanay ang mga nasasakupang kawani para magkaroon sila ng sapat na kasanayan bago bigyan ng mas mabigat na responsibilidad at tungkulin. Epektibo rin sila kung inaako nila ang responsibilidad sa anumang kahihinatnan ng kanyang mga desisyon at aksyon, at hindi itinuturo ang sisi sa iba. Tinalakay rin ang paksang *Winner vs. The Loser*.

Nagkaroon din ng paghahambing kung saan tinukoy na ang *winner* ay laging bahagi ng sagot o solusyon habang ang *loser* ay laging bahagi ng problema; laging may programa - laging may dahilan ó *excuse*; nagsasabing, ***"Let me do it." - "That's not my job."***; nakakikita ng kasagutan sa bawat problema - nakakikita ng problema sa bawat kasagutan, at nagsasabing, ***"It may be difficult but it is possible." - "It may be possible but it is difficult."*** Tinalakay rin dito ang paksang *Mastering my Inner World*, at *Becoming an Achiever*. Ang *5 Cs* na naglalarawan sa isang *achiever* ay: *Courage*, *Commitment*, *Confidence*, *Connectedness*, at *Control*.

Itinampok naman sa ikalawang araw (Set. 14) ang mga paksang: *Coping with Stress; Changes and Transitions; Supervisor* ***ADAPTS*** ***(A****ccountability;* ***D****iversity*, ***A****nalysis*, ***P****roactive*, ***T****eam- Builder* ***at S****ynergy*); at *Discovering New Paradigm*.

Tinalakay sa ikatlong araw ang paksang *Delegation and Barriers* kung saan tinukoy na "***delegation is letting go and letting your people excel***". Ang tatlong (3) hakbang sa *delegation* ay ang: *1) assignment of responsibility; 2) granting of authority, at 3) create accountability*. Tinalakay rin ang *The Supervisor TRANSFORMS (****T****eam-Builder;* ***R****isk-Taker;* ***A****rbitrator and Assistant Problem-Solver,* ***N****etworker,* ***S****trategist and Analyzer,* ***F****acilitator and* ***O****riginator of Change, Organizer,* ***R****esource Manager,* ***M****entor/Trainor,* ***S****pokesperson)*. Sa paksang *Communication + 7 Steps*, tinukoy na ang *communication is the secret to organizational effectiveness*. Inilahad din dito ang *4-Is of an Effective Organization Communication (****I****nform-****I****nstruct-****I****nspire/* ***I****nfluence-****I****ntegrate)*.

Sa huling araw ng pagsasanay (Set. 16), tinalakay ang mga susumusunod: *Fault Lines in Organizational Communication (****F****-aulty transmission of information-****A****ctive grapevine,* ***U****ndesirable shortcutting of channels-****L****ack of commitment to two-way communication-****T****oo many levels of organization-* ***S****upervisor's biases)*.

Sa 4-araw na pagsasanay, nagsilbing mga tagapagsalita at tagapagtalakay sa magkakahiwalay na araw sina: Ms. Jocelyn L. Marifosque; *Director* Lida C. Ayon, Ruby R. Anson at Emylin Severo. Pinangasiwaan din nila ang ilang *workshops* na isinagawa sa pagitan ng mga pagtalakay.

Ang naturang 4-araw na *SDC Track 1* ay bahagi pa rin ng 1-buwang selebrasyon dito ng *11th Aniversary of the Philippine Civil Service* simula Set. 5 hanggang Okt. 5, 2011.

Isinagawa ang pagsasanay sa layuning mapaunlad ang *managerial and supervisory knowledge and skills* ng mga *first line supervisors* sa pagtugon sa kani-kanilang tungkulin. Kasama rito ang paghubog sa kanilang kasanayan hindi lamang bilang hepe ó susunod na hepe ng tanggapan kundi bilang isang huwarang lider. Isang lider na gumagabay, sumusuporta, tumutulong at nagbibigay-inspirasyon sa mga empleyado para mas mahusay na magawa ang kanilang tungkulin at mapaunlad ang sarili. Ito ay ayon kay *Provincial Human Resource Management Officer* Magdalena B. Toledana. ***LT IBASCO***

# Pamamahagi ng DOLE Kabuhayan Starter Kits para sa 40 OSYs na nagtapos ng kursong bokasyonal isinagawa sa loob ng CNPGCEAP activity

Ang pamamahagi ng Kabuhayan *Starter Kits (KSK)* para sa 40 *out-of-school youths* na nakapagtapos ng iba't-ibang kursong bokasyonal ay isinagawa sa loob ng *CNPGCEAP Experience-Sharing and Distribution of Checks for Tuition Fee Reimbursements and Allowances* na idinaos noong Setyembre 21, 2011 sa ganap na ika-1 n.h., sa *Little Theater, Camarines Norte Agro-Sports Center, Provincial Capitol*, Daet. Ang *CNPGCEAP ó Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program* ay dating *Provincial Government College Scholarship Program (PGSP)*.

Naging panauhin sa okasyon si *Atty.* Alvin M. Villamor, *DOLE Regional Director* na pinangunahan ang pagbibigay ng *Kabuhayan Starter Kits* para sa mga *OSYs* katuwang si Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado. Nakasama nila rito sina *Ex-Officio SPM* Ricky Manarang, *Chairman, SP Committee on Education*; ilang Bokal ng Sangguniang Panlalawigan (SP), at si *PESO Manager* Nida N. Tosoc, *Statistician III, PPDO*.

Bago ang naturang distribusyon, nagbigay ng maikling mensahe si *RD* Villamor na sinundan ng isang pang-aliw na bilang mula sa isang *CNPGCEAP grantee* mula sa Capalonga *College*. Kasunod nito, nagbigay naman ng kanyang mensahe si Gob. Tallado.

Samantala, ang benepisyaryo ng *KSKs* ay ang 40 *OSYs* na nakapagtapos ng mga kursong bokasyonal gaya ng: *Shielded Metal Arc Welding (SMAW), electronics, Automotive Mechanic Servicing (AMS), Electrical Installation and Maintenance (EIM)*, at *beauty care and hairdressing*. Sila ay libreng nakapag-aral sa ilalim ng *Educational Program for Deserving Out-of-School Youth (EPDOSY)* ng pamahalaang panlalawigan na ipinatutupad ng administrasyon ni Gob. Tallado.

Sa 21 *OSYs* na nakapagtapos ng *SMAW*, 19 ang binigyan ng tig-iisang *welding machine 300 AMP (Yamato)*, 1 ang tumanggap ng *grinder* at *electric drill*, at 1 ang pinagkalooban ng *grinder portable (Maktec)* at *electric hand drill portable (Maktec)*.

Matatandaan na sa 10 namang nagtapos ng *electronics*, 7 sa kanila ang nakatanggap ng tig-iisang set ng *digital tester (Sunwa), soldering iron, 30W (Taixing)* at *inverter*

***(Sundan sa pahina 4)***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Mga nanalo sa Madulang Sabayang Pagbigkas, Maikling Pagkukuwento at Balagtasan isiniwalat

Kaugnay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa *(National Language Month)* ngayong taon, ipinalabas ni Gob. Edgardo A. Tallado ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2011-14 na nag-aatas sa lahat ng mga tanggapan, kawanihan, kagawaran at ahensya ng pamahalaan, at lahat ng pribadong tanggapan at paaralan sa buong lalawigan ng Camarines Norte na gamitin ang Wikang Filipino - ang ating Wikang Pambansa, sa lahat na opisyal na mga transaksyon, sulat at korespondensya para sa buong buwan ng Agosto 2011.

Itinatadhana ng ating 1987 Saligang Batas na ang Wikang Filipino bilang pambansang wika na dapat pagyamanin upang maging mabisang kasangkapan sa ating pagkakaisa at pagtamo ng kapayapaan at kaunlaran.

Kaugnay nito, isinagawa ng pamahalaang panlalawigan ang iba't-ibang paligsahan na nakatuon sa temang: "Ang Wikang Filipino ay Wikang Panlahat, Ilaw at Lakas sa Tuwid na Landas". Isinakatuparan ito sa pamamagitan ng Sangay ng Museo, Sinupan at Panulukan na pinamumunuan ni *Museum Curator I* Abel C. Icatlo.

Sa patimpalak sa Madulang Sabayang Pagbigkas para sa mga paaralang sekondarya, pampubliko at pribado, na ginanap noong Agosto 31 sa *Audio-Visual Room (AVR), 3rd Floor Annex, Provincial Capitol*, nakuha ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Jose Panganiban ang unang puwesto. Ang ikalawang puwesto ay naiuwi ng Pambansang Mataas na Paaralan ng San Roque ng bayan ng Mercedes habang nasungkit ng Mataas na Paaralan ng D.Q. Liwag ng bayan ng Vinzons ang ikatlong puwesto.

Ang mga paligsahan sa Maikling Pagkukuwento at Balagtasan para sa mga mag-aaral sa elementarya ay idinaos sa *AVR* noong Setyembre 1 at 2, ayon sa pagkakasunod. Sa Maikling Pagkukuwento, nakuha ni Jasha V. Yasis ng Mababang Paaralan ng Talisay ang unang gantimpala; ikalawang gantimpala - Jigo R. Andrade ng Mababang Paaralang Panaguyod ng Vinzons, at; ikatlong gantimpala— Anna Thalia A. Yago ng ICL.




Ang unang puwesto naman sa Balagtasan ay naiuwi ng grupo ng Mababang Paaralan ng Daet (Hilagang Distrito ng Daet) na kinabibilangan nina Lloren O. San Agustin, Jayson A. Abarca at Jeffrey A. Abarca. Pumangalawa rito ang Mababang Paaralan ng San Luis (Timog na Distrito ng Daet) na binubuo nina Chris Noel G. Abrera, Madelyn P. Asido at Kimberly F. Baluzo. Ang ikatlong puwesto naman ay nakuha ng Mababang Paaralan ng Talisay (Distrito ng Talisay) na kinatawan nina Nicko Jonas M. Calimlim, Sharmaine S. Edoria at Abbie Erica Amor R. Raviz. ***A.B. PANDEAGUA***

# Kwalipikadong CNPGCEAP ...

*(Mula sa pahina 1)*

gastusin na halos hindi na sila nagmemeryenda. Ngayon ay may matatag na silang hanapbuhay at patuloy na inaani ang bunga ng kanilang pagpupunyagi. Inilahad naman ng ilang kasalukuyang iskolar ng *CNPGCEAP* ang mga pagtitipid na ginawa nila para matustusan ang kanilang pang-araw-araw na gastusin.

Ang *Experience-Sharing* ng *CNPGCEAP/PGSP Grantees* ay itinampok sa programa upang makapagbigay-inspirasyon sa lahat na iskolar na mas pagbutihin ang kanilang pag-aaral.

Matatandaan na nang unang maupo sa puwesto bilang gobernador noong Marso 26, 2010, ang P2.5 milyong pondo ng *PGSP* ay kaagad itinaas ni Gob. Tallado sa P5-M. Ngayong taong 2011, kasabay ng pagpapalit ng pangalan nito mula sa PGSP na ngayon ay CNPGCEAP, dinoble muli ni Gob. Tallado ang pondo at ginawang P10 M. Ginawa ito ng gobernador sa hangaring mas maraming mahihirap ngunit karapat-dapat na estudyante ang makapagtapos ng kolehiyo at makapagbigay ng oportunidad sa mga mamamayan na maiangat ang antas ng kanilang pamumuhay at ng kanilang pamilya.

Samantala, sa kabuuang **955** na benepisyaryo ng *CNPGCEAP/ PGSP*, **488** lamang sa kanila ang pinagkalooban ng tseke na hindi lalagpas sa P5,000.00 bawat isa. Ito ay dahil direkta nang binayaran ng Pamahalaang Panlalawigan sa *Camarines Norte State College (CNSC)* ang matrikula ng mga iskolar na kumuha ng sertipikasyon na iniisyu ni *CNPGCEAP Program Officer* Purita P. Briñas ng *Community Affairs Office (CAO)* na nagpapatunay na sila ay benepisyaryo ng *CNPGCEAP* at dahil dito ay pinananagutan ng pamahalaang panlalawigan ang pagbabayad sa *tuition fees* ng mga benepisyaryo nito, subali't ang halaga ay hindi lalagpas sa P5,000.00.

Matatandaang sa ilalim ng Panlalawigang Ordinansa Blg. 07-2011, P5,000.00 lamang ang itinakdang tatanggapin ng bawat iskolar sa bawat semestre. Kung lagpas sa P5,000.00 ang kanilang matrikula, sasagutin nila ang sobrang halaga. Halimbawang P3,500.00 ang matrikulang binayaran nila, tatanggapin nila ang P1,500.00 bilang *allowance* nila.

Base sa tala ng *CAO*, 955 ang kabuuang iskolar ng CNPGCEAP kung saan 465 ang dati nang iskolar at 490 ang mga baguhan. Ito ay maliban sa 20 pang mga estudyante na disin sana'y bagong benepisyaryo na napabilang sa *CNPGCEAP* subali't nadiskwalipika kamakailan dahil napatunayang may kapatid na dati ó kasalukuyang iskolar at/ó di kaya ay iskolar na ng ibang mga samahan o *local government units (LGUs)* ó iba pang ahensiya ng pamahalaan. ***LT IBASCO***



# Gob. Egay at Mam Josie Tallado ...

*(Mula sa pahina 1)*

yonal, pamahalaang bayan ng San Lorenzo Ruiz, mga kabataang mag-aaral at mga residente ng Brgy. Matacong. Umabot sa 6,000 *Mahogany seedlings* ang naitanim sa mahigit na 5 ektaryang kabundukan sa nabanggit na lugar.

Nagkaroon ng napakalakas na pagbuhos ng ulan sa iba't-ibang panig ng lalawigan partikular na sa *resettlement area* ngunit hindi ito nakasagabal sa mga kalahok para hindi ituloy ang nakatakdang *tree planting* na pinangunahan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado. Ang maybahay ng gobernador na si Mam Josie Baning-Tallado ay tumulong din sa pagtatanim ng mga punongkahoy.

Bagama't basang-basa ang lahat ng nakiisa sa nasabing gawain, bakas pa rin sa kanilang mukha ang saya at hangaring umahon sa tuwing nalulubog sila sa maputik na daan at kung minsan ay nadudulas pa ang ilan. Ito ay dahil sa kanilang matibay na hangarin na maitanim ang kani-kanilang dalang *Mahogany seedlings* bilang ambag nila sa pagpapanumbalik ng mga berdeng kabundukan na nakakalbo dahil sa iresponsableng pagkakaingin at walang awang pamumutol ng kahoy ng mga magtotroso noong nakaraang mga panahon at hanggang ngayon.

Nagpakita rin ng sigla sa pagtatanim ang mga kabataang mag-aaral mula sa *Camarines Norte State College (CNSC)* at iba pang grupo ng mga kabataaan na sumali sa maramihang pagtatanim. Hindi nila inalintana ang ginaw dulot ng malalakas na patak ng ulan. May ngiti silang nagpabalik-balik sa paghahakot ng mga *seedlings* mula sa may gilid ng kalsada na matiyaga nilang dinala at itinanim sa medyo malayo at matarik na bahagi ng taniman.

Ang maramihang pagtatanim ng puno ay magkatuwang na isinakatuparan ng lokal na tanggapan ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR)* at ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division ng Office of the Governor (EERMD-GO)* na pinamumunuan ni *Supervising Environmental Management Specialist Engr.* Leopoldo P. Badiola. ***(GCB)***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com




# EDITORYAL

## 111TH CIVIL SERVICE MONTH ANNIVERSARY

Ipinagdiriwang ng buong bansa ang ika-111 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas na nakatuon sa temang: *Championing R.A.C.E.: Public Service Excellence at Full Speed (**R**esponsive, **A**ccessible, **C**ourteous and **E**fficient).*

Ang *civil service system* ng Pilipinas ay itinatag noong 1900 sa bisa ng *Public Law No. 5 – An Act for the Establishment and Maintenance of Our Efficient and Honest Civil Service in the Philippine Island.* Ang *Civil Service Commission (CSC)* ay ginawaran ng estadong pangkagawaran *(department status)* sa bisa ng *Republic Act No. 2260, as amended.* Ang kasalukuyang mandato nito ay hango sa *Article IX-B* ng *1987 Constitution* na nakapaloob sa *Book V* ng *Executive Order No. 292 (1987 Administrative Code).*

Makalipas ang 111 taon, ang Komisyon ay nananatiling masugid sa pagsusulong ng mga programa at inisyatibo para matamo ang misyon nito na ***Gawaing Lingkod-Bayani ang Bawat Kawani*** – maka-Diyos, makabayan, mahusay, may integridad at marangal.

Patuloy na sinusuportahan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang mga pagkilos ng Komisyon. Ngayong taon, pinangunahan ng Pamahalaang Panlalawigan ang selebrasyon dito ng ika-111 anibersaryo ng Komisyon sa pakikipagtulungan sa *CSC Camarines Norte Field Office (CSC-CNFO).* Ito ay sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2011-25 na ipinalabas ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado na nag-aproba at nagpahintulot sa 1-buwang pagdiriwang dito simula Setyembre 5-Oktubre 5, 2011. Pinakatampok dito ang pagbigay ng pagkilala sa dedikasyon at trabaho ng mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan.

Idinaos din ang ilang *seminars* at *trainings* para mapayabong ang kaalaman at kahusayan sa trabaho ng mga empleyado gayundin ang paghubog sa kanilang karakter. Layunin nito na magkaroon sila ng angkop na kasanayan at kahandaan para sa pagharap sa mas malaking responsibilidad. Ipinaunawa sa lahat na sa kabila ng mga pagkukulang at/o pagkakamali na ginawa o patuloy na ginagawa ng ating mga opisyal, kailangang manatili ang dedikasyon natin sa trabaho para sa kapakanan ng publiko na siyang pinakadahilan kung bakit tayo nasa serbisyo sibil. Nakatulong ito para mas umalab ang sigla at interes ng mga kinauukulan para maging mas produktibong mga kawani at makatulong sa pagkamit ng pambansang pagkakaisa, katatagan at kaunlaran.

Bilang mga lingkod bayan, ibigay natin sa publiko ang napapanahon, abot-kamay, magalang, mahusay, at mabilis na serbisyo para maisakatuparan ang tema ng selebrasyon ngayong taon na: "*Championing R.A.C.E.: Public Service Excellence at Full Speed.*

Huwag tayong maging pipi at bingi sa mensahe ng 'Panunumpa ng Lingkod Bayan'. Huwag natin itong pakinggan at sambitin lamang kundi isapuso at isabuhay natin - NGAYON NA!

# Gob. Tallado panauhin sa Prov'l Ecological Scouts Jamborette

Dumalo si Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado sa *opening program* ng *2011 Provincial Ecological Scouts Jamborette* na isinagawa noong Setyembre 8, ganap na ika-5 n.h. sa Brgy. Mampurog, San Lorenzo Ruiz, Camarines Norte. Nagbigay ng mensahe sa okasyon ang butihing gobernador na nakatuon sa tema ng selebrasyon ngayong taon na: *"Scouts: Building Tomorrow Today".*

Ipinahayag ng gobernador na ngayon pa lang ay nakikibahagi na ang mga *boy scouts* sa paghubog sa kinabukasan ng bansa. Sinabi niya na bilang mga kabataan na patuloy na ginagabayan para maging matuwid, disiplinado, at responsableng lider na may matiim na pagmamahal sa Diyos, sa bansa, at sa kapwa, dapat aniyang isabuhay ng mga *boy scouts* ang mga magagandang asal at aral na kanilang natutunan. Hinamon niya ang mga *boy scouts* na patunayan na ang kanilang hanay ay isa sa mga grupo ng mga kabataan na makapag-aambag sa pagkamit ng tunay na pagbabago tungo sa isang maunlad at mapayapang Pilipinas.

Samantala, ang unang bahagi ng naturang *opening program* ay ang *march pass reviewing* na sinundan ng *doxology/ prayer* at pagwagayway

*(Sundan sa pahina 7)*





# Pamamahagi ng DOLE Kabuhayan ...

*(Mula sa pahina 2)*

*600W (Doxin);* 1 ang nabigyan ng *inverter DC-AC 800W (Doxin), AVR 110-220V (SVC 500), analog tester (Sunwa)* at *soldering lead, 1 mm (Duwell);* 1 ang napagkalooban ng *analog tester (Sunwa), soldering iron 30W (Taixing), AVR (SVC 500), digital tester (Sunwa), acoustic converter (AC 12), screw driver set* at *soldering lead, 1mm (Duwell);* at, 1 ang nakatanggap ng *inverter 600 W (Doxin), digital tester (Sunwa)* at *soldering pump (big).*

*(Sundan sa pahina 5)*





*Ilan sa mga Out of School Youths (OSY) na tumanggap ng kabuhayan packages o' starter kits mula sa DOLE na ipinamahagi nina Gob. Egay Tallado at DOLE RO-V RD Atty. Alvin Villamayor at DOLE CNFO Director Ruben Romanillos. Katuwang din nila rito ang ilang SP Members na sina Ligaya Lo-Pedron at Tess Malubay.*

*Ito ay isinabay sa pamamahagi ng mga tseke sa mga Provincial Scholars.*

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/ design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.— Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Pag-arangkada ng Multi-Services ...

(Mula sa pahina 8)

tumatayo bilang *Caravan Project Director*.

Sa pamamagitan ng *caravan*, inilalapit ni Gob. Tallado sa mga taga-barangay ang pamahalaang panlalawigan at ang iba't-ibang serbisyo nito. Ito ay sa pamamagitan ng iba't-ibang programa, proyekto at aktibidad na direktaang dinadala ng kanyang grupo sa mga taga-barangay. Unang-una rito ang libreng serbisyong medikal at dental; libreng gamot at bitamina, libreng pagsusuri sa tipo ng dugo at pagkuha ng presyon ng dugo, at; pagsusuri sa grado ng mata at pamimigay ng mga libreng *reading glasses* sa mga nakatatanda.

Bilang suporta sa agrikultura at programang pangkabuhayan at pangkalikasan, ang grupo ng gobernador ay namimigay ng mga pantanim na punongkahoy, butong gulay, bungangkahoy at *tilapia fingerlings* gayundin ang pagsasagawa ng *cooking demo on fish recipes*. Ang hepe ng *Community Affairs Office (CAO)* na si Gng. Purita P. Briñas ay regular na nagbibigay sa mga opisyal ng barangay ng oryentasyon ukol sa Katarungang Pambarangay, *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program* ó *CNPGCEAP*, mga batas na nagpuprotekta sa mga kabataan at kababaehan gaya ng *advocacy against trafficking*. Si *Atty.* Mata Jr. naman ay nagbibigay ng libreng payong ligal *(legal services)* sa mga mahihirap na taga-barangay.

Ang mga benepisyaryo rin ng *caravan* ay nabubusog at lumulusog dahil sa libreng lugaw na ibinibigay sa kanila sa pamamagitan ng *Provincial Custodial and Security Services Division (PCSSD)*. Nare-relaks din ang kanilang katawan, at nagiging maganda at gwapo sila dahil sa libreng *reflexology/massage services*, at libreng *hot oil treatment*, gupit at pagtina ng buhok na handog ng maybahay ng gobernador na si Mam Josie Baning-Tallado.

Isinasagawa rin sa bawat *caravan* ang regular na pamamahagi ng P1,000.00 *mandatory cash assistance to barangays*, mga gamot sa hayop at bakuna laban sa rabis ng aso, at kung minsan ay nagkakaroon ng *animal dispersal*. Ipinamimigay rin dito ang mga *information and education campaign (IEC) materials* ukol sa mga programa ng pamahalaang panlalawigan, at ang *assessment rolls* ng bawat barangay na ipinagkakaloob ng *Provincial Assessor's Office (PAssO)* sa mga punong barangay.

Samantala, ang *caravan* ngayong buwan ay magkasunod na idinaos sa Brgy. Dagotdotan, bayan ng San Lorenzo Ruiz - Setyembre 8, at Set. 16 - Brgy. San Isidro, Talisay.

Sa idinaos na *caravan* sa Brgy. Dagotdotan, umabot sa 3,314 residente ang napaglingkuran na nanggaling sa naturang barangay kasama ang mga barangay ng Daculang Bolo, Langga, Laniton, Maisog, Mampurog at Matacong.

Matapos ito, ang *caravan* ay dinala naman ni Gob. Tallado sa Brgy. San Isidro kabilang na ang apat (4) pang karatigan nguni't pinakadulong barangay sa naturang bayan gaya ng Manlimonsito, Salvacion, San Antonio at San Ramon. Kasamang napagsilbihan dito ang mga residente ng Brgy. Guinatungan ng bayan ng Basud na malapit sa lugar na pinagdausan ng gawain.

Mula sa bayan ng San Lorenzo Ruiz, noong Set. 23, pinangunahan naman nina Gob. Tallado at *Atty.* Mata Jr. ang *caravan* sa Brgy. San Felipe, Basud kung saan naging benepisyaryo ang mga residente ng mga barangay ng Binatagan, Caayunan, Langga, Mantugawe, Pagsangahan, Plaridel, San Pascual, Tuaca, at San Felipe kung saan idinaos ang *caravan*.

Ang malalakas na pag-ulang nararanasan dito sa Camarines Norte ay hindi nakapigil kay Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado para ipagpatuloy ang paghahatid ng "Aprub Ka Egay Serbisyo-Publikong Tunay *Multi-Services Caravan* sa mga kababayan natin. Patunay rito ang *'caravan'* na ginanap noong Setyembre 30, 2011 sa Brgy. Tabas sa bayan ng Paracale. Kasama rin sa mga nabenepisyuhan ng *caravan* ang mga residente mula sa mga barangay ng Awitan, Bakal, Calaburnay, Dancalan, Labnig, Mampungo, Mangkasay, at Pinagbirayan Malaki.

Ang pinakatampok na bahagi sa bawat *caravan* na isinasagawa ay ang pakikipagdaupangpalad at pakikipag-diyalogo ni Gob. Tallado sa mga opisyal ng barangay sa loob ng mga oryentasyong isinasagawa. ***LT IBASCO***





*Pinangasiwaan ni Engr. Pol Badiola, hepe ng EERMD, ang pamamahagi ng forest trees seedlings sa isinagawang Multi Services Caravan sa Brgy. Calabaca, Capalonga. Tinatanggap naman mula kina Gob. Egay Tallado at Bise-Gob. Jonah G. Pimentel ng isang opisyal ng barangay ang mga PHILHEALTH Cards para sa kanyang mga ka-barangay.*





*Nagbibigay ng mensahe si Gob. Egay Tallado sa mga taga-Brgy. Dagotdotan, SLR sa idinaos na MS Caravan doon. Nakatuwang ng gobernador si Paracale Mayor Romeo Moreno sa pamamahagi ng mga tilapia fingerlings sa isinagawang MS Caravan sa Tabas, Paracale.*

# Pamamahagi ng DOLE Kabuhayan ...

(Mula sa pahina 4)

Samantala, ang tanging indibidwal na nakapagtapos ng *AMS* ay binigyan ng tig-iisang piraso ng *hexagonal deep socket*, *box wrench*, *combination wrench* at *grinder* habang ang 2 *OSYs* na kumuha ng *EIM* ay pinagkalooban ng tig-iisang piraso ng *electric grinder*, *electric hand drill*, *wire stripper* at *tester OVM portable 200 AMP.*

Maliban sa mga nabanggit, ang 4 na benepisyaryo na nakapagtapos ng kursong bokasyonal na *hairdressing* sa ilalim pa rin ng *EPDOSY* ay pinagkalooban ng tig-iisang *curling iron*, *hair dryer*, *hair net*, *hair steamer*, *towel* at *tinting bowl*; at, tig-iisang piraso naman ng *make-up kit*, *hand spa/foot spa tools/kit*, *facial scrub tools/kit*, at *manicure/pedicure tools/kit* para sa 2 OSYs na nakapagtapos ng kursong *beauty care*. ***LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Higit 50 Kabihug naging benepisyaryo ng CNCPO Outreach Program

Isang *outreach program* ang isinagawa ng pamunuan ng *Camarines Norte Council of Personnel Officers (CNPO)* sa Brgy. Guisican sa bayan ng Labo noong Setyembre 19. Ito ay bahagi pa rin ng pagdiriwang dito ngayong taon sa ika-111 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas na nakatuon sa temang: *"Public Service Excellence at Full Speed"*.

Mahigit sa 50 kababayan nating mga Kabihug ang naging benepisyaryo ng naturang gawaing pangkawanggawa ng *CNCPO*. Si *Director II* Elizabeth B. Mateo ng *Civil Service Commission (CSC) Daet Field Office* ay *'game'* na *'game'* na tumulong sa pamamahagi ng bigas at mga de lata.

Ang *outreach program* ngayong taon ay naisakatuparan sa pangunguna nina *CNCPO President* Agnes Garcia ng *Department of Public Works and Highways (DPWH)* at *CNCPO Vice President* Magdalena B. Toledana na bagong katatalagang *Provincial Human Resource Management Officer* ng pamahalaang panlalawigan.

Para mapunduhan ang naturang gawain, nangalap ng tulong-pinansyal ang nasabing grupo kung saan nagbigay ng tig-P5,000.00 sina Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado at *DPWH District Engr.* Simeon Arias gayundin ang iba pang opisyal mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaan, lokal at nasyonal man, na nagbigay rin ng donasyong pera at ang iba naman ay nagpadala ng bigas, *noodles* at/o de-lata.

Patuloy na isinasagawa ng *CNCPO* ang taunang *outreach program* sa loob ng selebrasyon ng serbisyo sibil sa layuning makatulong sa mga kapus-palad nating mga kababayan. Dito nila ipinakita na ang mga lingkod-bayan ay handang ilapit ang serbisyo sa publiko. Malayo ito sa dating imahe ng kawani ng pamahalaan na laging pinupuntahan o nilalapitan ng publiko para makakuha ng tulong at serbisyo.

Inaasahan na sa pamamagitan nito, ang dating negatibong imahe ng mga opisyal at kawani ng pamahalaan ay mababago lalo na ngayong itinataguyod ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang "Aprub Ka, Egay sa Serbisyo Publikong Tunay *Provincial Multi-Services Caravan*" katuwang si *Atty.* Sim O. Mata, Jr., *Provincial Legal Officer* at *Multi-Services Caravan Project Director*. ***LTI***






# Orientation on Healthy Lifestyle idinaos;
## kalusugan ng mga kawani ng pamahalaan binigyang-atensyon

Isinusulong ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang kapakanan at kagalingan ng mga kawani ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng mga *seminars/trainings/workshops* na nagpapaunlad sa kanilang kakayahang pang-teknikal at intelektwal pati na ang kanilang personalidad. Ngunit naniniwala ang gobernador na mahalaga ring mapangalagaan ang kanilang kalusugan para mas maging produktibong mga manggagawa.

Kaugnay nito, itinaguyod ni Gob. Tallado ang *Orientation on Healthy Lifestyle* na binubuo ng 2 *batches* na dinaluhan ng tig-50 empleyado mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan. Isinagawa ito noong Setyembre 21 at 22, sa *Audio-Visual Room (AVR), 3rd Floor Annex, Provincial Capitol*, Daet. Naging tagapagtalakay rito sina Ms. Loria Dipasupil at Mr. Marino Abogado ng *Technical Services Division-Provincial Health Office (TSD-PHO).*





Ang naturang oryentasyon na isa sa mga gawain sa selebrasyon dito ng ika-111 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas na may temang: *"Championing R.A.C.E.: Public Service Excellence at Full Speed"* ay bilang suporta rin sa *National Healthy Lifestyle Program (NHLP)* ng *Department of Health (DOH).*

Para sa panlahatang pagkaunawa, ang *healthy lifestyle* ay tumutukoy sa pagpapaunlad at pangangalaga sa kalusugan at kagalingan ng isang indibidwal. Kabilang dito ang mga gawain na nagpapatibay sa ating kalusugan gaya ng

***(Sundan sa pahina 7)***

# Ika-101 kapanganakan ni Bintao ipinagdiwang;
## natatangi niyang talino at kabayanihan ginunita

Ipinalabas kamakailan ng tanggapan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2011-28 para sa pagdiriwang ng lalawigan sa ika-101 taong anibersaryo ng kapanganakan ni Wenceslao Q. Vinzons na mas kilala sa tawag na 'Bintao'. Ang tema ng selebrasyon ngayong taon ay, "WENCESLAO Q. VINZONS: Tanglaw sa Tuwid na Landas".

Iba't-ibang programa ang itinaguyod ng pamahalaang panlalawigan sa pamamamagitan ng Sangay ng Museo, Panulukan at Sinupan na pinamumunuan ni *Museum Curator I* Abel C. Icatlo.

Bago ang anibersaryo ng kapanganakan ni 'Bintao', simula Setyembre 22 hanggang 28, isinahimpapawid sa mga himpilan ng radyo sa lalawigan ang pagbasa sa mga mahahalagang kabanata sa kanyang makulay na buhay na nagpaningning din sa kasaysayan ng lalawigan ng Camarines Norte at ng Rehiyong Bikol man.

Nagkaroon ng *Charcoal Painting Contest* noong Set. 19 sa ganap na ika-1:30 n.h. sa *Audio-Visual Room (AVR), 3rd Floor Annex, Provincial Capitol*, Daet na nilahukan ng mga mag-aaral sa hayskul, pampubliko at pribado man. Ang una, ikalawa at ikatlong puwesto sa paligsahan ay naiuwi ng mga kinatawan ng *Camarines Norte State College (CNSC)* na sina Edward Eboña, Norman Garamay at Jerico A. Lavarro, ayon sa pagkakasunod. Nakasama ni Lavarro sa ikatlong puwesto si Joey Jerome T. Era ng Paracale *National High School (PNHS).*

Bilang pagkilala sa kahusayan ni 'Bintao' sa larangan ng pagsusulat, isang *Essay Writing Contest* ang idinaos noong Set. 26, ganap na ika-1:30 ng hapon sa *AVR, Provincial Capitol.* Nasungkit nina Catherine E. delos Santos at Irene E. Andaya ng *Mabini Colleges (MC)* ang una at ikalawang gantimpala, ayon sa pagkakasunod. Pumangatlo naman dito si Sherrylou Maria G. Daria ng *Our Lady of Lourdes College Foundation (OLLCF).*

Sa katulad na lugar, isinagawa noong Set. 27 ang isang *Oratorical Contest* kung saan nanguna si Jomar O. Tabor ng Labo *National High School.* Naiuwi ni Mary Joy B. Banal ng Batobalani *National High School* ang ikalawang puwesto habang ang ikatlong puwesto ay nasungkit ni Joan Kayzel Rodelas ng D.Q. Liwag *National High School.*

Matatandaan na ang katalinuhan ni 'Bintao' ay mas nakilala dahil sa kanyang pagiging mahusay na orador o mananalumpati. Mas hinangaan ng marami si 'Bintao' sa talumpati niyang may pamagat na, *"Malaysia Irredenta"* kung saan nanalo siya ng Manuel L. Quezon *Gold Medal for Excellence.* Ito ay nakatuon sa kanyang mungkahi na magkaisa ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya na may pinagmulang Malay.

Samantala, ang lahat na lumahok sa mga paligsahan ay pinagkalooban ng katibayan ng paglahok, at komendasyon naman para sa kanilang mga naging tagapagsanay. Binigyan naman ng katibayan ng pagkilala at *honorarium*

***(Sundan sa pahina 7)***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Gob. Tallado panauhin ...

(Mula sa pahina 4)

ng ating Pambansang Watawat, *Council Flag* gayundin ng *Jamborette Flag*. Ang Panunumpa ng Katapatan sa Watawat ng Pilipinas at ang pagbigkas sa *Scout Oath and Law* ay pinangunahan ng isang *senior scout* at isang *boy scout*, ayon sa pagkakasunod.

Pinangasiwaan naman ng mga kinauukulang opisyal ng *Boy Scouts of the Philippines-Camarines Norte Chapter* ang programa sa naturang *2011 Provincial Ecological Scouts Jamborette* na kinabibilangan ng pagtawag at pagkilala sa mga delegado sa *jamborette*, at pananalita ng pagtanggap sa mga delegado. Pinamahalaan naman ng mga kinauukulang *district supervisors* ang pagpapakilala sa kanilang mga kalahok.

Kaugnay nito, nagbigay naman dito ng *opening remarks* si *Camp Chief* Joey G. Boma, *Executive Assistant IV* ng Pamahalaang Panlalawigan. Ito ay sinundan ng pagbibigay ng mensahe ng iba pang panauhin. Nagpaabot din ng kanyang mensahe sa okasyon si *Council Chairman Scouter* Francisco P. Timoner na siya ring nagdeklara sa pormal na pagbubukas ng *2011 Provincial Scouts Jamborette*. ***LT IBASCO***

# Orientation on Healthy ...

(Mula sa pahina 6)

maayos na diyeta at nutrisyon; regular at sapat na ehersisyo at paglilibang; pag-iwas sa labis na paninigarilyo, pag-inom ng alak at iba pang mga kahalintulad nito na nakakaadik; angkop na *stress management* at pag-aaliw *(relaxation)*; at mga gawing nakatutulong para makaiwas sa mga panganib sa kalusugan gaya ng pag-obserba sa *safe sex* at *responsible parenthood*, ayon sa *DOH*.

Ang 4 na hindi nakahahawang sakit na pwedeng maiwasan at nauugnay sa uri ng ating pamumuhay ay ang: *cardiovascular disease, cancer, chronic obstructive pulmonary disease* at *diabetes*. Ilan sa mga mapanganib na salik nito ay ang labis na paninigarilyo, hindi maayos na diyeta at kawalan ng ehersisyo. ***LT IBASCO***

# Rice Subsidy ibinigay sa mga maliliit na magsasaka at mangingisda sa lalawigan

Kasalukuyan nang ipinatutupad dito sa Camarines Norte ang *Rice Subsidy to Small Scale Fisherfolks and Farmers thru Cash for Work/Cash for Training Program* ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD)*. Ito ay isang kagyat na tulong sa maliliit na mga magsasaka at mangingisda na labis na naaapektuhan ng mataas na presyo ng mga bilihin at *fuel*. Inaasahan na makatutulong ito upang maitawid nila ang kanilang pangangailangan sa mga buwan na mahina ang kanilang kita lalung-lalo na pagsapit ng tag-ulan.

Ang mga benepisyaryo ng programa ay pawang kabilang sa listahan ng *National Household Targeting System (NHTS)* ng *DSWD* at pinagtibay *(validated)* ng kaukulang *Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO)*. Ang 4-araw na pagsasanay ay nakatuon sa pagpapataas sa produksyon ng pagkain kagaya ng mga makabagong paraan ng pagtatanim ng palay, mais, gulay, at iba pa. Sa loob ng 7 araw, magtatrabaho sila at tutulong sa pagsasagawa ng mga *disaster preparedness, mitigation, relief, rehabilitation* o *risk reduction projects and activities* sa pamayanan, paglilinis ng mga kanal, at iba pang kahalintulad nito.

Bilang kapalit sa pagdalo sa pagsasanay at pagtatrabaho, ang mga benepisyaryo ng programa ay tatanggap ng P900.00 para sa 4-araw na *Cash for Training* at P1,575.00 para sa 7-araw na *Cash for Work* o P225.00/araw na *daily minimum wage* dito. Inatasan din sila na ang 50% ng kabuuang halaga na P2,475.00 ay gagastusin nila sa pagbili ng bigas at ang natitirang 50% ay para sa iba pa nilang pangunahing pangangailangan.

Sa kabuuang ***target*** na 12,614 benepisyaryo, 9,659 lamang ang pinagtibay ng mga kaukulang pamahalaang lokal na nahahati sa mga sumusunod: Basud-992; Capalonga-1,526; Jose Panganiban-923; Labo-1,131; Mercedes-2,395; Paracale-577; San Lorenzo Ruiz-311; San Vicente-205; Sta. Elena-2,139, Talisay-377, at Vinzons-1,476. Ang *LGU Daet* ay hindi pa nakapagsusumite ng kaukulang *validated list*.

Sinusuportahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang naturang programa na malaking tulong umano sa mga maliliit na mangingisda at magsasaka na halos walang trabaho at kita kapag sumasapit ang panahon ng tag-ulan at bagyo at iba pang kalamidad. ***LT IBASCO***

# 111 Anibersaryo...

(Mula sa pahina 8)

man.

Pinangunahan din nina Gob. Tallado at *Dir.* Mateo ang *ceremonial tossing of ball* na naghudyat sa opisyal na pagbubukas ng *inter-agency sports fest* sa pamamagitan ng larong basketbol sa pagitan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte at *Department of Education (DepEd)*.

Inaasahan ng gobernador na ang *sports competition* simula Setyembre 5-30, 2011 ay magiging daan para sa mas maayos na ugnayan ng mga pamahalaang lokal at nasyonal, at matutunan ng bawat kalahok na maging maginoo sa harap ng pagkatalo, at ang pagpapakumbaba sa pagkapanalo.

Sa programang idinaos pagkatapos ng Banal na Misa sa *CNASCC*, nagbigay ng mensahe si Gob. Tallado na hinimok ang lahat ng serbisyo-sibil na mas maging responsable, mapagmalasakit, aktibo at magbigay ng pantay na serbisyo sa publiko.

Ipinahayag naman ni Bise Gob. Pimentel na mahalagang mabuo ang maayos na relasyon sa pagitan ng mga pamahalaang lokal at nasyonal para mas epektibong maisakatuparan ang kanilang programa, proyekto at aktibidad, tungo sa pagtamo ng pambansang kaunlaran.

Sinabi naman ni Dir. Mateo na nakikita na natin ang liwanag ng pag-asa para sa isang magandang bukas sa ilalim ng administrasyon ni Pangulong Aquino na nangakong dadalhin tayo sa *"Daang Matuwid"*. Nangako rin ang Pangulo ng mga reporma sa pamahalaan susog sa matibay nitong paninindigan na "Kung Walang Korapt, Walang Mahirap". Hinikayat ni Dir. Mateo ang mga serbisyo-sibil na magbigay ng *responsive, accessible, courteous* at *effective public service* para maisakatuparan ang tema ng anibersaryo ngayong taon. Ang maayos na daloy ng programa ay pinangasiwaan ni G. Darcy Guy Y. Mañebo, *Master Teacher I/Teacher-In -Charge (TIC)* ng P. Ponayo *High School*, Brgy. Mambalite, Daet.

Matapos ito, isinagawa naman ang *pen-light/flashlight parade* sa halip na isang *torch parade* bilang suporta ni Gob. Tallado sa *"Philippine Clean Air Act of 1999"* at ambag nito sa pandaigdigang pagkilos para magkaroon ng malinis na hangin. Sumali rito ang kanyang butihing maybahay na si Gng. Josie Baning-Tallado na sumusuporta sa mga aktibidad ng pamahalaang panlalawigan. Lumahok dito ang mga kawani at opisyal ng pamahalaang panlalawigan, *local government units (LGUs), national government agencies (NGAs), state universities and colleges (SUCs), government-owned and controlled corporations (GOCCs)*, at iba pang sangay ng pamahalaan.

# Ika-101 kapanganakan...

(Mula sa pahina 6)

ang mga miyembro ng lupon ng mga inampalan.

Ang programang paggunita sa ika-101 taong anibersaryo ng kapanganakan ni 'Bintao' ay idinaos noong Setyembre 28, 2011 ganap na ika-8 ng umaga sa *provincial Capitol Grounds*. Sinimulan ito sa pamamagitan ng seremonya sa pagpupugay sa pambansang Watawat. Sinundan ito ng pagbibigay ng mensahe ni Gng. Ledda Gonzales-Vinzons, maybahay ng kanyang namayapang anak na si Wenceslao Q. Vinzons, Jr.

Matapos ito, isinagawa ang paggawad ng papremyo at katibayan ng pagkilala sa mga nanalo sa tatlong (3) nabanggit na mga patimpalak. Pinangunahan ng mga matataas na opisyal ng pamahalaang panlalawigan ang pag-aalay ng bulaklak sa paanan ng monumento ni 'Bintao' sa Kalayaan *Park, Provincial Capitol*, Daet. Nagsilbi naman ditong tagapagpakilala at tagapagpadaloy ng programa si G. Icatlo ng *Museum Archives and Shrine Curation Division (MASCD)* ng Tanggapan ng Gobernador. ***AIDA B. PANDEAGUA/lt ibasco***

Isinagawa rin sa 1-buwang selebrasyon ang mga sumusunod: Set. 6 – *Training on 5 "S"*; Set. 7-8 - *Strengthening Organization through Aligning of Resources (SOAR)*; Set. 13-16 - *Supervisory Development Course (SDC Track I)*; Set. 19 - *CNCPO Outreach Program* (Brgy. Guisican, Labo); Set. 21 at 22 - *Seminars on Healthy Lifestyle*; Set. 27 - *Tree Planting Activity* (*Resettlement Area*, Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz); Set. 8, 16, 23 at 30 – *Multi-Services Caravan* (Brgy. Dagotdotan at San Isidro, San Lorenzo Ruiz; Brgy. San Felipe, Basud, at Brgy. Tabas, Paracale).

Ang 1-buwang selebrasyon dito ay pormal na magtatapos sa pamamagitan ng *closing program ceremony* na isasagawa sa *CNASCC* sa Oktubre 5, 2011 sa ganap na ika-1:30 n.h.. Magiging panauhing pandangal at tagapagsalita sa okasyon si *CSC Regional Director* Cecilia R. Nieto. Ito ay tatampukan ng isang maikling panalangin, pagpupugay sa Watawat ng Pilipinas, *opening remarks* ni Bise Gob. Pimentel, at mensahe mula kay Gob. Tallado. Isasagawa rin dito ang paggawad ng mga parangal at papremyo sa mga mananalo sa *2011 Inter-Agency Sports Fest*. Kabilang dito ang pagbibigay ng insentibo sa limang (5) kawani ng pamahalaang panlalawigan na karetiro pa lamang gayundin sa 73 mga opisyal at kawani mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan na nakapagtala ng 25-30 taong tuluy-tuloy na serbisyo.

Pormal na magtatapos ang 1-buwang selebrasyon ngayong taon sa pamamagitan ng pangwakas na pananalita na ibibigay ni *Provincial Legal Officer Atty.* Sim O. Mata, Jr. ng *Office of the Governor*. Magkatuwang namang pamamahalaan nina G. Mañebo at Ms. Lovella D. Avellana ng *Moreno Integrated School* ang daloy ng gawain ng nasabing programa. ***LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Pag-arangkada ng Provl. Multi-Services Caravan sa 3 bayan pinangunahan muli ni Gob. Tallado

Sa kabila ng lingguhang pagsama ni Gob. Tallado sa nakaraang mga serye ng "Aprub Ka Egay Serbisyo Publikong Tunay *Provincial Multi-Services Caravan*", mapupuna na halos wala itong kapaguran at sa halip ay mas nagiging masigasig pa sa pagpunta sa iba't-ibang barangay ng 12 bayan ng lalawigan. Nagsisilbing inspirasyon sa butihing gobernador ang mga ngiti, simpleng pasasalamat at positibong puna ng mga kababayan nating napaglingkuran ng kanyang grupo.

Noong Setyembre 2, pinangunahan ni Gob. Tallado ang pagtungo sa Brgy. Calabaca ng bayan ng Capalonga. Patunay ito na walang barangay na hindi mararating ng *caravan* sapagkat nais ng gobernador na mapagsilbihan ang lahat ng mamamayan ng Camarines Norte. Malayo ó malapit man, at ilog ó dagat man ang kailangang tawirin, dadalhin ni Gob. Egay ang mga serbisyo ng pamahalaang panlalawigan sa pinakadulo mang mga barangay upang maipadama ang kanyang matapat at masidhing pagmamahal sa kanyang mga kababayan.

Ang naging benepisyaryo nito ay ang mga residente mula sa sampung (10) mga barangay ng Binawangan, Del Pilar, Itok, Lukbanan, Mabini, Matacong, San Antonio, Villa Aurora, Villa Belen, at ang Calabaca na pinagdausan ng *caravan*.

Muling nakasama rito ni Gob. Tallado si *Provincial Legal Officer Atty.* Sim O. Mata, Jr. na

(Sundan sa pahina 5)


Dagotdotan, SLR


Mam Josie Tallado habang ginugupitan ang isang taga-Tabas, Paracale


San Isidro, SLR



San Felipe, Basud

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte
TAON 2, BLG. 5 DAET, CAMARINES NORTE SETYEMBRE, 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# 111 Anibersaryo ng Serbisyo Sibil matagumpay na ipinagdiwang






***Sinalubong naman ng mga panlalawigang opisyal sa pangunguna nina Gob. Tallado at Bise-Gob. Pimentel ang mga lumahok sa pen-light/flashlight parade sa pagbubukas ng selebrasyon ng CSC Month. Nakiisa rin ang mga SP members na sina Gerry Quiñones, Pol Gache at Ligaya Lo-Pedron.***

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pakikipagtulungan ng *Civil Service Commission Camarines Norte Field Office (CSC CNFO)* ay itinaguyod ang panlalawigang selebrasyon dito ng ika-111 Anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas na may temang: *"Championing R.A.C.E.: Public Service Excellence at Full Speed".*

Nagsimula ang 1-buwang selebrasyon dito sa pamamagitan ng seremonya sa pagpupugay sa Watawat ng Pilipinas noong Setyembre 5, 2011, ika-7:00 n.u. sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC).* Sinundan ito ng angkop na programa na tinampukan ng pagpapalabas ng *video-taped messages* nina Pangulong Benigno Simeon Cojuangco–Aquino III, at *CSC Chairman* Francisco T. Duque III.

Pangunahing dumalo sa okasyon si Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado kasama sina Bise Gob. Jonah G. Pimentel, *Director II* Elizabeth B. Mateo, *CSC-CNFO*, Bokal Ligaya Lo-Pedron, Vinzons Mayor Agnes Diezmo-Ang, Bokal Edgar Dasco, at opisyal ng mga pamahalaang lokal at nasyonal

(Sundan sa pahina 7)



***Pinangunahan nina Gob. Egay Tallado at CSC-CN-FO Dir. Beth Mateo ang ceremonial toss sa pagitan ng koponan ng DepEd at Kapitolyo bilang hudyat ng pagbubukas ng sportsfest activities para sa selebrasyon ng CSC Month dito sa lalawigan.***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com